REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO
MUNICIPALITY OF PINAMALAYAN

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

## RESOLUSYON BLG. 156-2006

KAPASIYAHANG NAGSUSULONG NG ISANG BATAS NA NAGTATAKDA NG KARAGDAGANG SINGIL O PASAHE SA "TRICYCLE" NA PUMAPASADA SA BUONG NASASAKUPAN NG BAYAN NG PINAMALAYAN, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, ang kasalukuyang umiiral na taripa ng pamasahe ng "tricycle" ay hindi na angkop sa patuloy na pagtataas ng petrolyo, gas, langis at iba pa;

SAPAGKAT, hindi kaila sa lahat na ang presyo ng mga bilihin ay patuloy na tumataas sanhi na rin ng patuloy na pagtaas ng palitan ng peso at dolyar;

SAPAGKAT, tumataas din ang antas ng pamumuhay ng mga tao, sanhi na rin ng pagiging "First Class Municipality" ng Pinamalayan;

SAPAGKAT, marami nating mahihirap na kababayan ang umaasa sa pagmamaneho, at upang makasabay sila sa takbo ng pamumuhay ay nangangailangan ng tulong at suporta;

SAPAGKAT, kinakailangan ding mapangalagaan ang kapakanan ng ating mga kababayan laban sa mapang-abuso at mapagsamantalang driver na sumisingil ng labis sa itinatakda ng batas;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO:**

IPINASIYA tulad ng dito ay IPINASIYA na magsulong ng isang batas na nagtatakda ng taripa o singil ng pamasahe sa "tricycle" na pumapasada sa buong nasasakupan ng bayan ng Pinamalayan, Silangang Mindoro.

---

## BATAS PAMBAYAN BLG. 08-2006

IPINAG-UUTOS NG SANGGUNIANG BAYAN NG PINAMALAYAN NA :

**SEKSYON I. PAMAGAT:** Ang kautusang ito ay kikilalanin sa pamagat na "TARIPA NG SINGIL O PAMASAHE SA TRICYCLE".

**SEKSYON II. KAHULUGAN NG SALITA:** Kung gagamitin sa kautusang ito, ang mga salitang ito ay nangangahulugan ng sumusunod:

a) Pasahe – kasingkahulugan ito ng bayad o upa na ibinibigay sa driver kapalit ng serbisyong-hatid ng tricycle.
b) Karaniwang Pasahe – halaga ng pasaheng itinakda ng batas na walang bawas o diskwento.
c) Arkilado – kasing kahulugan ng "special trip" kung saan ang pasahe nito ay pinagkasunduan ng driver at pasahero depende sa layo o distansya ng lugar.
d) Pasahe ng mga matatandang mamamayan (Senior Citizens) – may diskwentong 20% ayon sa itinadhana ng Batas Pambansa (RA No. 7532).
e) Pasahe ng may kapansanan – hindi pinagbabatayan ang edad ng may kapansanan.
f) Pasahe ng mga mag-aaral o estudyante – diskwentong ibinibigay sa mga estudyanteng araw-araw na sumasakay sa tricycle.

**SEKSYON III. PAGTATAKDA NG POOK-HATIRAN AT KAUKULANG PASAHE:** Ang pagtatakda ng pook hatiran at kaukulang pasahe ay batay sa layo o distansya, at sa kasalukuyang kalagayan o kundisyon ng kalsada, maging national, provincial municipal at barangay tulad ng mga sumusunod:

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN



| POOK NG PINANGGALINGAN | POOK HATIRAN | DATING PASAHE | BAGONG PASAHE |
|---|---|---|---|
| 1. Looban ng Poblasyon (Hindi kasama ang mga lugar na may nakatakdang pasahe sa ibaba) | | 6.00 x .1667=1.0002 | 7.00 |
| Palengke | 4 Zones, Wawa, Cacawan Mar Francisco | 6.00 x .1667=1.0002 | 7.00 |
| 2. Palengke | Matuod-tuod | 7.20 x .1667=1.2002 | 8.40 |
| 3. Wawa/Paraiso | Abada/Bliss | 7.20 x .1667=1.2002 | 8.40 |
| 4. Wawa/Paraiso | Matuod-tuod | 8.40 x .1667=1.4002 | 9.80 |
| 5. Cacawan | Abada/Bliss | 7.20 x .1667=1.2002 | 8.40 |
| 6. Cacawan | Matuod-tuod | 8.40 x .1667=1.4002 | 9.80 |
| 7. Poblasyon | Sta. Rita | 7.20 x .1667=1.2002 | 8.40 |
| 8. Poblasyon | Panggulayan | 8.40 x .1667=1.4002 | 9.80 |
| 9. Poblasyon | Rosas I (Panggulayan) | 7.20 x .1667=1.2002 | 8.40 |
| 10. Poblasyon | Rosas II (Panggulayan) | 8.40 x .1667=1.4002 | 9.80 |
| 11. Poblasyon | Dulo ng Panggulayan (malapit sa boundary ng Anoling) | 9.60 x .1667=1.6003 | 11.20 |
| 13. Poblasyon | Palayan | 9.00 x .1667=1.5003 | 10.50 |
| 14. Poblasyon | Palayan H. Gate | 12.00 x .1667=2.0004 | 14.00 |
| 15. Poblasyon | Nabuslot | 9.60 x .1667=1.6003 | 11.20 |
| 16. Poblasyon | Sto. Niño | 10.80 x .1667=1.8003 | 12.60 |
| 17. Poblasyon | Pagalagala | 12.00 x .1667=2.0004 | 14.00 |
| 18. Poblasyon | Bawangan | 14.40 x .1667=2.4004 | 16.80 |
| 19. Poblasyon | Sitio Ramos | 14.40 x .1667=2.4004 | 16.80 |
| 20. Poblasyon | Sitio Santol | 15.60 x .1667=2.6005 | 18.20 |
| 21. Poblasyon | Sta. Maria | 13.20 x .1667=2.2004 | 15.40 |
| 22. Poblasyon | Pambisang Malaki | 14.40 x .1667=2.4004 | 16.80 |
| 23. Poblasyon | Inclanay | 15.60 x .1667=2.6005 | 18.20 |
| 24. Poblasyon | Marayos | 18.00 x .1667=3.0006 | 21.00 |
| 25. Poblasyon | Sabang | 28.80 ---------------→ | 30.00 |
| 26. Poblasyon | Maliangcog | 18.00 x .1667=3.0006 | 21.00 |

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO
MUNICIPALITY OF PINAMALAYAN

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN



| POOK NG PINANGGALINGAN | POOK HATIRAN | DATING PASAHE | BAGONG PASAHE |
|---|---|---|---|
| 27. Poblasyon | Pambisan Munti | 20.40 x .1667=3.4006 | 23.80 |
| 28. Poblasyon | Quinabigan Highway | 9.60 x .1667=1.6003 | 11.20 |
| 29. Poblasyon | Quinabigan Loob | 10.80 x .1667=1.8003 | 12.60 |
| 30. Poblasyon | Pili | 13.20 x .1667=2.2004 | 15.40 |
| 31. Poblasyon | Lumambayan | 8.40 x .1667=1.4002 | 9.80 |
| 32. Poblasyon | Papandayan Highway | 8.40 x .1667=1.4002 | 9.80 |
| 33. Poblasyon | Papandayan Sitio San Juan | 9.60 x .1667=1.6003 | 11.20 |
| 34. Poblasyon | Del Razon | 10.80 x .1667=1.8003 | 12.60 |
| 35. Poblasyon | Malaya Centro | 15.60 x .1667=2.6005 | 18.20 |
| 36. Poblasyon | Malaya Agro Trend | 18.00 x .1667=3.0006 | 21.00 |
| 37. Poblasyon | Calingag | 15.60 x .1667=2.6005 | 18.20 |
| 38. Poblasyon | Bang-bang | 15.60 x .1667=2.6005 | 18.20 |
| 39. Poblasyon | Bacungan | 15.60 x .1667=2.6005 | 18.20 |
| 40. Poblasyon | Anoling Centro | 12.00 x .1667=2.0004 | 14.00 |
| 41. Poblasyon | Anoling Saging | 15.60 x .1667=2.6005 | 18.20 |
| 42. Poblasyon | Maningcol Via Sabungan hanggang dulo | 13.20 x .1667=2.2004 | 15.40 |
| 43. Poblasyon | Maningcol Pier Via Panggulayan hanggang Kapilya | 9.60 x .1667=1.6003 | 11.20 |
| 44. Poblasyon | Rosario (Underpass) | 9.60 x .1667=1.6003 | 11.20 |
| 45. Poblasyon | Rosario (Proper) | 12.00 x .1667=2.0004 | 14.00 |
| 46. Poblasyon | Guinhawa Centro | 9.60 x .1667=1.6003 | 11.20 |
| 47. Poblasyon | Kamalig ni Mantaring | 7.20 x .1667=1.2002 | 8.40 |
| 48. Poblasyon | Macanlig | 8.40 x .1667=1.4002 | 9.80 |
| 49. Poblasyon | Sta. Isabel Centro | 9.60 x .1667=1.6003 | 11.20 |
| 50. Poblasyon | Sta. Isabel (Puting Tubig) | 10.80 x .1667=1.8003 | 12.60 |
| 51. Poblasyon | Buli | 15.60 x .1667=2.6005 | 18.20 |
| 52. Poblasyon | Lower Bongol (Pili) | 18.00 x .1667=3.0006 | 21.00 |
| 53. Poblasyon | Pamana | 7.20 x .1667=1.2002 | 8.40 |
| 54. Poblasyon | Maningcol Via Sabungan Sampalokan | 9.60 x .1667=1.6003 | 11.20 |
| 55. Poblasyon | Maningcol Via Sabungan Maningcol Boundary | 10.80 x .1667=1.8003 | 12.60 |

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO
MUNICIPALITY OF PINAMALAYAN

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**



| POOK NG PINANGGALINGAN | POOK HATIRAN | DATING PASAHE | BAGONG PASAHE |
|---|---|---|---|
| 56. Poblasyon | Maningcol Via Sabungan Ilohan | 12.00 x .1667=2.0004 | 14.00 |
| 57. Poblasyon | Guinhawa-Babahurin | 14.40 x .1667=2.4004 | 16.80 |
| 58. Poblasyon | Guinhawa-Mangga | 10.80 x .1667=1.8003 | 12.60 |
| 59. Poblasyon | Biga Via Buli | 19.20 x .1667=3.2006 | 22.40 |
| 60. Poblasyon | San Pedro | 14.80 x .1667=2.4671 | 17.26 |
| 61. Poblasyon | Sitio Buho | 12.00 x .1667=2.0004 | 14.00 |
| 62. Poblasyon | Banilad | 36.00 ---------------- | 40.00 |
| 63. Pobalsyon | Cacawan I | 6.00 x .1667=1.0002 | 7.00 |
| 64. Poblasyon | Cacawan II | 8.40 x .1667=1.4002 | 9.80 |
| 65. Poblasyon | Babahurin | 14.40 x .1667=2.4004 | 16.80 |
| 66. Poblasyon | District 6 (Bukal Sta. Rita) | 8.40 x .1667=1.4002 | 9.80 |
| 78. Papandayan Kanto | Rosario Centro | 6.00 x .1667=1.0002 | 7.00 |
| 68. Poblasyon | Papandayan Dagatan | 12.00 x .1667=2.0004 | 14.00 |
| 69. Poblasyon | Papandayan Pulong Kawayan | 12.00 x .1667=2.0004 | 14.00 |
| 70. Nabuslot | Papasok (isang takbo) | 12.00 x .1667=2.0004 | 14.00 |
| 71. Del Razon | Paloob | 6.00 x .1667=1.0002 | 7.00 |
| 72.Del Razon | Malaya | 8.40 x .1667=1.4002 | 9.80 |

**SEKSYON IV. PAGTATAKDA NG MGA LIMITASYON AT PAGBABAWAL:**

1. Mahigpit na ipinagbabawal ang sumingil ng sobra o labis sa taripang pinaiiral.
2. Ang taripang pasahe ay kinakailangang nakapaskil sa bahagi ng sasakyang makikita ng pasahero.
3. Patuloy na iiral ang 20% diskwento para sa "Senior Citizens at Disabled Persons".
4. Ang pasahe ng mga Estudyante ay may tatlumpung (30%) porsiyento diskwento sa nakatakdang bagong pasahe sa lahat ng ruta.
5. Ang Pasahe sa loob ng Poblasyon mula sa ika-8:00 (8:00 PM) ng gabi kung iisa ang pasahero ay Labing-apat Piso(14.00). "Regular Fare " o karaniwang pasahe (P7.00) ang bawat isa kung mahigit sa isa (1) ang pasahero.
6. Ang pasahe mula sa loob ng Poblasyon papuntang barangay mula ika-walo (8:00 PM) ng gabi ay depende sa mapag-uusapan ng driver at pasahero subalit ang halaga dapat ay hindi kalabisan (excessive) sa mga pasahero.
7. Ang pasahe sa Bagahe ay depende sa pag-uusap ng driver at may-ari ng bagahe o pasahero subalit hindi kasama o walang bayad ang mga bagahe na puwedeng kalungin o bitbitin ng pasahero.
8. Ang nakatakdang pasahe ay mula Poblasyon hanggang sentro ng bawat barangay at ang hindi nakatala sa kautusang ito na mga pook-hatiran tulad ng mga sitio, ay nasa kasunduan na ng driver at pasahero.
9. Ang di-karaniwang biyahe o "special trip" ay naaayon sa magiging kasunduan ng drayber at pasahero.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO
MUNICIPALITY OF PINAMALAYAN

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN



10. Ang pederasyon ng "tricycle associations" ang namamahala sa pagpapaimprenta at pamimigay ng taripa sa bawat linya.

**SEKSYON V. KAPARUSAHAN:** Ang sinumang operator/driver na lumalabag sa alituntunin o patakaran na nasasaad sa kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod:

**UNANG PAGLABAG:** Isang daang (P100.00) piso at ayon sa hatol ng hukuman;

**IKALAWANG PAGLABAG:** Tatlong daang (P300.00) at ayon sa hatol ng hukuman;

**IKATLO AT SUSUNOD PANG MGA PAGLABAG:** Isang libo (P1,000.00) piso at ayon sa hatol ng hukuman.

**SEKSYON VI. PAGPAPAWALANG BISA:** Ang lahat ng kautusan, alituntunin at kapasiyahan na sumasalungat sa ordinansang ito ay pinawawalang bisa.

**SEKSYON VII. PAGKAKABISA:** Ang kautusang ito ay magkakabisa pagkatapos na pagtibayin.

**PINAGTIBAY** ngayong ika-27 ng **Oktobre,** 2006 dito sa Pinamalayan, Silangang Mindoro, sa mungkahi ni Kgg. Dunhill Marcelo M. Delmo V at pinangalawahan ng lahat-

KGG. SEVERINO J. NARITO
Kagawad

KGG. DUNHILL MARCELO M. DELMO V
Kagawad

KGG. EDWIN G. HERNANDEZ
Kagawad

KGG. PATRICIO J. OCAMPO
Kagawad

KGG. NOEL M. LACDANG
Kagawad

KGG. GAVINO G. ERMITA
Kagawad

KGG. MARCELITO N. MAPACPAC
Kagawad

KGG. RAUL M. MICIANO
Kagawad

KGG. RESHIEL Y. JAMILLA
Kagawad

Patotoo:

CELSO M. JAMIO, ANAK
Kalihim

Pinatunayang Wasto:

KGG. RODOLFO A. SARIO, ANAK
Tagapangulo, Pang. Punong Bayan

Pinagtibay:

KGG. ARISTEO V. BALDOS, AMA
Punong Bayan